ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LII Blg. 14
Hulyo 21, 2021
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Tiyaking huli na ang SONA ni Duterte

Labis na kinasasabikan ng sambayanang Pilipino ang State of the Nation Address (SONA) ni Duterte sa darating na linggo, hindi dahil gusto nilang makinig sa panibagong mga kasinungalingan, panlilinlang, pambubuska, pagmumura at pagbabanta ng kapit-tuko sa Malacañang, kung hindi dahil sa pag-asang ito na ang huling pagkakataong pagdurusahan ito.

Umaasa ang bayan na huling beses na nilang maririnig ang mga utos ni Duterte sa kanyang mga pulis at militar na patayin ang lahat ng gusto niyang ipapatay, ikulong ang lahat ng gusto niyang ipakulong at patahimikin ang lahat. Sabik silang makitang matuldukan ang tiraniya ni Duterte, ang pangungurakot sa kabang-bayan, pagpapayaman ng nasa poder, pagpapabaya sa kalusugan, edukasyon at kagalingan ng mamamayan, pagdambong sa likas-yaman, walang katapusang pangungutang, pagpiga at pagpapahirap sa masang anakpawis at ordinaryong mamamayan, pagsusubasta sa mga dayuhan ng karagatan ng Pilipinas at pagtatraydor sa kalayaan ng bansa.

Subalit ang totoo, masyado pang maaga para magdiwang ang bayan na ito na nga ang huli ni Duterte. Ayon na rin mismo sa kanya, balak niyang manatili sa poder lagpas sa 2022. Sa kabila ng paulit-ulit niyang paghahambog na "handa akong makulong" sa dami ng kanyang madudugong krimen, labis na kinatatakutan ni Duterte ang posibilidad na siya'y usigin, papanagutin at mabulok sa tangkal. Kaya lahat ay ginagawa ngayon ni Duterte para manatiling nakaupo sa kanyang trono ng kapangyarihan.

Huwad ang kanyang satsat na "ayaw kong tumakbo si Sara," gayong klarong-klaro na ang pagtakbo ng kanyang anak ang pinakagusto ni Duterte na mangyari para sementuhin ang kanilang dinastiya sa Malacañang. Katunayan, niraratsada na ito ng kanyang mga alipures sa PDP-Laban, kaakibat ng planong pagtakbo niya bilang bise presidente, kahit pa humantong ito sa pagkabiyak at pag-agaw ng liderato ng partido mula sa dating mga alyadong tumatangging sumayaw sa kanyang piniling tugtog. Malaking halaga rin ng salapi ang ginagamit upang ipatanggap ang planong ito sa mga alyadong Marcos at Arroyo.

Ang pagtakbo ng mag-amang Duterte sa eleksyong 2022 bilang presidente at bise-presidente, sa ilalim man ng isa o dalawang partido, ang lumilitaw na unang baraha ng tirano. Sa paghawak ni Duterte sa buong rekurso ng gubyerno at makinarya ng pandaraya sa dekompyuter na pagbibilang ng boto, tiwala siya sa magiging resulta ng eleksyon, katulad kung papaanong ipinanalo ang kanyang mga kandidato sa Senado at Kongreso noong 2019.

Habang nilalaro ni Duterte ang kanyang baraha sa eleksyong 2022, ikinakasa rin niya ang lalupang pagpapatindi ng kampanya ng marami-

hang pagpatay, pag-aresto at pagsupil. Bahagi ng paghahanda para dito ang desisyon kamakailan ng "Anti-Terrorism Council" na bansagang "terorista" ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Sa tabing ng "kontra-terorismo" at "kontra-insurhensya," tiyak na tatargetin ang mga patriyotiko, demokratiko at progresibong pwersa, pati na ang mga tagapagtaguyod sa usapang pangkapayapaan at pampulitikang oposisyon na pawang idinadawit na sumusuporta, tumutulong, kaibigan o kaugnayan ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa kanayunan, ipinupwesto ng militar ang kanyang mga tropa sa daan-daang mga baryo sa tabing ng "Retooled Community Support Program" (RCSP). Walang habas ang pasistang paninibasib ng mga armadong tropa ng AFP at PNP laban sa masa upang diktahan sila sa eleksyon at lumpuhin sa kanilang paglaban sa teroristang rehimen.

Ang pagpapaigting ng kampanya ng panunupil ay pagtatangka ni Duterte na pigilan ang malaking posibilidad ng pagsiklab ng malawakang galit at pag-aalsa ng milyun-milyong mamamayan sa oras na lumitaw na ang resulta ng dinayang eleksyon. Batid ni Duterte na hindi papayag ang sambayanang Pilipino na magdusa ng anim pang taon sa ilalim ng poder ng kanyang dinastiyan.

Kailangang mahigpit na magkaisa ang lahat ng pwersang nagtataguyod sa demokrasya at sa kabutihan ng bayan para biguin ang lahat ng pakana ng teroristang rehimeng US-Duterte na manatili sa poder. Kailangang ibayong palawakin at palakasin ang iba't ibang anyo ng nagkakaisang prente laban kay Duterte, laban sa kanyang pagtatraydor sa bansa, pangungurakot, pasismo at pagpapahirap sa bayan.

Malaking hamon sa mga pwersang oposisyon, pati na sa mga progresibo at iba pang pwersang anti-Duterte, na magkaisa sa isang pares ng kandidato sa pagkapresidente at bise presidente upang mas epektibong labanan ang pangkating Duterte sa darating na eleksyon. Malaking hamon na lalabanan nila ang nakaupong rehimen na walang pakundangan sa pag-abuso sa kapangyarihan at paggamit ng buong lakas ng estado para sa pansariling kapakanan.

Sa harap ng walang-lubay na paniniil ng rehimen at lumulubhang kalagayang panlipunan, malaking hamon din para sa sambayanan na kumilos at makibaka para ibalik ang kanilang mga demokratikong karapatan at isulong ang kanilang mga kahilingan para sa dagdag sahod, pangkagipitang ayuda, pagkaltas sa binabayarang buwis, dagdag badyet sa kalusugan, pagrolbak sa presyo ng langis at mga bilihin, pagbalik ng harapang klase at iba pa.

Dapat puspusang palakasin at palawakin ang mga unyon ng mga manggagawa, mga samahan ng mga magsasaka, at ang iba't ibang anyo ng organisasyon ng masang anakpawis, mga kabataan, titser, mga kawani, kababaihan, at iba pang sektor. Dapat matalinong mag-ingat ang mga target ng pandarahas at paniniil habang binabasag ang pinaiiral na takot ng teroristang rehimen sa pamamagitan ng pagpapalakas ng iba't ibang anyo ng sama-samang pagkilos ng masa.

Dapat tipunin ang pagkamuhi ng bayan sa tiranikong rehimen ni Duterte at magbantay sa mga pagpihit ng sitwasyon at pagsiklab ng galit ng masa para maramihan silang pakilusin sa lansangan hanggang sa posibilidad ng malawakang pag-aalsa mula ngayon hanggang bago ng halalan o pagkatapos dayain ni Duterte ang bilangan sa eleksyon.

Patuloy na gagampan ng malaking bahagi ang Partido at mga rebolusyonaryong pwersa bilang pinakamatibay na gulugod ng kilusan laban kay Duterte. Sa partikular, dapat tuluy-tuloy na palakasin ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) at paigtingin ang mga taktikal na opensiba laban sa mga armadong galamay ng rehimen. Ang bawat matagumpay na pagsalakay ng BHB laban sa AFP at PNP ay nagbibigay-inspirasyon at nagpapatibay ng loob ng masa na isulong ang pakikibaka para bigyang-wakas ang pagdurusa sa ilalim ng pasistang rehimeng US-Duterte. AB


ANG Bayan

Tomo LII Blg. 14 | Hulyo 21, 2021

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray, Ingles at Espanyol. Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

@prwc_info

fb.com/editorsofAB

cppinformationbureau@gmail.com


## Nilalaman


**Editoryal:** Tiyaking huli na ang SONA ni Duterte 1
Kontra-mamamayang lehislatibong adyenda 3
Walang kabusugan ang mga heneral 4
₱9.4-bilyon pondo ng AFP at PNP, tinuligsa 4
Banta sa Liguasan Marsh 5
"Teroristang" designasyon sa NDFP, binatikos 5
174-ektaryang reklamasyon, tinutulan 5
3 armas, nasamsam ng BHB 6
*Search warrant* laban sa Tumandok, ibinasura 6
2 magniniyog sa Surigao del Norte, pinatay 6
Mga protestang bayan 6
Paalam at pagpupugay sa 3 bayani ng bayan 7
Mga sundalo at empleyado, ginawang *trolls* 7
Bilanggong pulitikal, namatay sa India 7
Sa madaling salita 8
Krisis at ribalan sa industriya ng *semiconductor* 9
Paggunita sa 100 taon ng dating dakilang CPC 10



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Kontra-mamamayang lehislatibong adyenda ni Duterte




Sa nakalipas na limang taon, pinagpursigihan ni Rodrigo Duterte kasapakat ng kanyang mga alipures sa Kongreso ang pagpapasa ng samutsaring kontra-mamamayan, anti-demokratiko at neoliberal na mga batas. Sa pamamagitan ng pagratsada sa mga patakarang ito binangkarote ni Rodrigo Duterte ang ekonomya ng Pilipinas at ibinaon sa paghihirap ang sambayanan.

**Liberalisasyon ng ekonomya**

Sa isang talumpati noong Hunyo 16, inutusan ni Duterte ang Kongreso na iprayoritisa ang pagpapasa ng apat na neoliberal na panukala para pahintulutan ang 100% dayuhang pagmamay-ari sa mga sektor ng ekonomya na dati'y eksklusibong nakalaan para sa mga Pilipino, at kaltasan ang buwis ng mga kapitalista.

Aniya, dapat maisumite na sa kayang tanggapan ang Public Services Act (PSA), Foreign Investment Act (FIA) at Retail Trade Liberalization Act (RTLA), at ang ikatlo at ikaapat na pakete ng Comprehensive Tax Reform Program (CTRP) para mapirmahan ang mga ito sa "pinakamaagang panahon." Kabilang sa mga ibubukas ang pagmamay-ari sa pampublikong mga lupain, likas na yaman, institusyong pang-edukasyon, transportasyon, masmidya, pagtitingi at pamumuhunan.

Layon naman ng dalawang pakete ng CTRP na pagaanin ang pasaning buwis ng mga kapitalista sa tabing ng pagpapasimple sa mga buwis sa ari-arian at kapital na kita, at pagbawas sa buwis sa pamumuhunan.

Inaasahang lalamnin ng State of the Nation Address ni Duterte sa Hulyo 26 ang mga panukalang ito, kasama ng pag-amyenda sa mga probisyon sa ekonomiya ng konstitusyon na ipinakete bilang Resolution of Both Houses (RBH) No. 2. Pasado na sa ikatlong pagbasa ang FIA at RTLA, at sa ikalawang pagbasa ang PSA at RBH No. 2.

Una nang ipinatupad ni Duterte ang Rice Liberalization Act noong 2018 na nagresulta sa pagbaha ng *imported* na bigas sa bansa at pagkalugi ng lokal na mga magsasaka ng palay. Nito lamang 2020, umabot sa ₱90 bilyon ang nawalang kita ng mga magsasaka. Sa pag-aaral ng Anakpawis Partylist, nagtala ng pagbagsak ng produksyon ng palay sa 27 prubinsya dulot ng pagpapabaya at liberalisasyon ng rehimen sa sektor. Ito ay habang tumaas ang presyo ng bigas sa lokal na merkado nang hanggang 31% sa parehong panahon.

**Pahirap na dagdag buwis**

Pinakamabigat sa lahat ng mga patakarang ipinatupad ni Duterte ang mga repormang buwis na direktang pinapasan ng mamamayan. Sa simula pa lamang ng kanyang termino, ipinataw na niya ang pahirap na TRAIN Law na nagdagdag ng buwis sa konsumo at langis na nagresulta sa pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin.

Sa gitna ng pandemya, pinatawan niya ng dagdag na 10% buwis ang inaangkat na krudong langis at ang maliliit na negosyo sa *internet*. Balak pa ngayong magpataw ng buwis sa mga serbisyong *online* at iba pang produktong pagkain.

Habang dinagdagan ang buwis sa ordinaryong mamamayan, binawasan naman mula 30% tungong 25% ang buwis na binabayaran ng malalaking korporasyon sa pamamagitan ng ikalawang pakete ng TRAIN na tinawag na Corporate Recovery and Tax Incentives for Enterprises o Create Law na iniratsada noong 2020. Tinatayang umaabot sa ₱251 bilyon ang mawawalang rebenyu sa gubyerno sa loob ng dalawang taon sa panahong pinakakailangan ito ng bansa. Binigyan din nito ng samutsaring insentiba ang mga korporasyon.

**Anti-demokratikong mga patakaran**

Notoryus si Duterte sa pagpapasa ng anti-demokratikong mga batas para gipitin ang kanyang mga katunggali sa pulitika at ipitin ang kanilang mga negosyo. Sa gitna ng pandemya noong Hulyo 2020, inilusot ni Duterte ang kontrobersyal na Anti-Terrorism Law na lumalabag sa unibersal na mga karapatang-tao. Pangunahing tinatarget nito ang mga kritiko ng rehimen.

Noong Mayo 2020, inudyukan din ni Duterte ang kanyang supermayorya sa Kongreso na patayin ang prangkisa ng ABS-CBN. Naging target ng kanyang pang-iipit ang istasyon dahil hindi umano nito ini-ere ang kanyang mga patalastas sa eleksyon noong 2016. Noong 2018, naging kontrobersyal din ang pagtanggal ni Duterte sa badyet ng kanyang mga katunggaling mambabatas. AB

# Walang kabusugan ang mga heneral

Lalong humigpit ang kontrol ng militar at pulis sa buong lipunan matapos buuin ni Rodrigo Duterte ang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC). Sa ilalim nito, tumatagos ang kapangyarihan ng mga retirado at aktibong upisyal hanggang sa antas barangay. Bunsod ito ng "whole-of-nation" na estratehiya ng Armed Forces of the Philippines (AFP), upang ipailalim ang sibilyang burukrasya sa disenyo ng militar sa kontra-insurhensya.

Pinakatampok ngayon sa paghahari ng militar at pulis ang pamumuno ng mga ito sa paglaban ng rehimen sa Covid-19. Mistulang nagpalit lang ng bihis at nagrelyebo ang mga heneral ni Duterte sa NTF-ELCAC upang iwasiwas ang kanilang paghahari sa payong ng Inter-Agency Task Force for Emerging Infectious Diseases (IATF). Sa halip na mga duktor at syentista, inilagay ni Duterte ang kapakanan ng pampublikong kalusugan sa kamay ng mga heneral, na dinaan sa *golpe de gulat* ang paglaban sa pandemya. Tulad ng pagsikil sa mga komunidad na binabansagang teritoryo ng Bagong Hukbong Bayan at mga armadong Moro, itinulak ng mga heneral sa IATF ang pagkontrol sa mobilidad ng taumbayan.

Pero sa kabila ng naglipanang walang-katuturang mga tsekpoynt at pagpapakita ng pangil ng mga sundalo at pulis at kanilang mga armas at tangke, kumakalat pa rin ang bayrus at kulelat ang Pilipinas sa mga bansa sa pagharap sa Covid-19.

**Pondo ng bayan**

Mamamayan ang pumapasan sa sidhi ng pambubundat ni Duterte sa kanyang mga alagad. Sa gitna ng pandemya, malaking pagwawaldas ang pagpondo sa mga halimaw na dapat sana'y nakatuon para sa pangangailangang pangkalusugan ng mamamayan.



Lumobo ang badyet ng AFP at PNP nang 27.7% mula ₱289 bilyon noong 2017 tungong halos ₱400 bilyon ngayong taon. Samantala, sa halos parehong panahon ay lumiit naman ang badyet sa kalusugan nang 10.7%, Sa badyet ngayong taon, ₱33 bilyon ang inilaan para sa pagbili ng karagdagang armas at kagamitan para sa "modernisasyon" ng AFP. Inaareglo rin ng rehimen na magbuhos ng karagdagang pondo at armas ang US kapalit ng renegosasyon ng Visiting Forces Agreement.

Dahil din sa pinaraming bilang ng unipormadong mga tauhan at paglaki ng kanilang sahod, lolobo rin ang ipangtutustos sa kanilang pensyon. Ito'y dahil hindi tulad ng karaniwang mga kawani ng gubyerno, ang mga sundalo, pulis at iba pang unipormadong tauhan ay hindi nagbabayad ng kontribusyon para sa kanilang pensyon. Kapag nagretiro, kukunin sa buwis ng taumbayan ang kanilang pensyon. Lumalaki ang kanilang natatanggap batay sa anumang nadaragdag sa kasalukuyang sweldo ng mga nasa aktibong serbisyo.

Ayon sa Government Service Insurance System, sa susunod na 20 taon, masasaid ang kaban ng bayan dahil ₱859 bilyon taun-taon ang kailangan para lamang sa pensyon ng mga unipormadong tauhan ng estado. Matapos ang mga negosasyon, matigas pa rin ang AFP at PNP laban sa pagsasabatas ng kanilang obligasyon na magbayad ng pensyon. Kaya sa ilalim ng dagdag-badyet na Bayanihan 3, nagsingit ang AFP at PNP ng ₱54.6 bilyon para tustusan ang kanilang pensyon. Ito ang ikalawang pinakamalaking halaga sa panukalang badyet.

(*Ito ang huli sa dalawang-bahaging artikulo.*) AB

### ₱9.4-bilyon mga anomalya sa AFP at PNP, binatikos

BINATIKOS NG PARTIDO ang mga anomalyang nagkakahalagang ₱9.4 bilyon sa Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP). Kaugnay ito ng pondong inilabas para sa mga kontrata, proyekto at gastusing hindi natuloy.

Nalantad sa taunang ulat ng Commission on Audit (COA) na mayroong 41 proyekto ang AFP at PNP na nagkakahalaga ng ₱6.8 bilyon ang hindi natapos sa takdang panahon, habang siyam naman na proyektong militar na nagkakahalaga ng ₱940.5 milyon ang sinuspinde. Aabot naman sa ₱1.7-bilyong ang hawak ng PNP Special Action Force para sa mga kontratang hindi naipatupad.

Pinuna naman ng Bayan Muna ang malaking pondong hawak ng AFP at PNP, samantalang kulang na kulang ang pondo para bigyan ng ayuda ang mamamayan sa gitna ng pandemya.

# Banta sa Liguasan Marsh




Tampok sa balita noong nakaraang linggo ang planong muling simulan ang eksplorasyon at pagmimina sa tinaguriang Block 10 ng Cotabato Basin sa Liguasan Marsh at tinaguriang Basin Block 6 sa Sulu Sea. Ito ay matapos pahintulutan ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM) na isagawa ito ng kumpanyang ESMaulana Global Ventures Company Inc.

Layunin ng kumpanya na hukayin ang kabuuang 1.684 milyong ektarya ng Liguasan at Sulu Sea para minahin ang langis at *natural gas* sa lugar. Ipinagmalaki ng kumpanya na nagbayad na umano ito ng ₱2 milyon sa Department of Energy para makuha ang kontrata at simulan ang proyekto. Kasosyo ng ESMalauna ang Petrolife, Philippine National Oil Company at lokal na malalaking panginoong maylupa.

Nagbabala ang Partido Komunista ng Pilipinas sa hakbang na ito. Anito, dapat managot ang BARMM at rehimeng Duterte sa tila pagpaprayoritisa sa pagbubuyangyang sa Liguasan sa lokal at dayuhang kumpanya sa halip na protektahan ang lugar at ang mga naninirahan dito.

Malaon nang tinututulan ng mga residente at tagapagtaguyod ng kalikasan ang pagbubukas sa Liguasan sa mapangwasak na pagmimina at paghalihaw ng mga lokal at dayuhang kumpanya. Taong 2019 pa binalak ni Duterte na ibuyangyang at pagkakitaan ang likas na yaman nito sa kabila ng mga protesta.

Ayon sa pag-aaral, ang patuloy na pagkitid ng bakawan ay nagdulot ng pagkamatay ng napakaraming uri ng isda, puno, mga halaman at ibon sa Liguasan. Sa kasalukuyan, mayroong 201 klase ng halaman at bulaklak sa erya, 170 uri ng ibon kung saan 39 ay dito lamang matatagpuan. Mayroon ding 30 klase ng katutubong isda at mga hayop na dito lamang matatagpuan.

Dahil dito, dumaranas ng matinding kagutuman ang mga residente ng Liguasan. Dagdag pang nagpapahirap sa kanila ang walang patid na panghahalihaw, pambobomba at pang-aatake ng militar sa kanilang mga komunidad sa tabing ng "gera kontra-terorismo."

Matagal nang pinaglalawayan ng dambuhalang mga kumpanya ng langis, lokal na burukrata at kakunsabo nilang malalaking panginoong maylupang Moro ang Liguasan Marsh. Ang 220,000-ektaryang bakawan ay may mga bahaging sumasaklaw sa mga prubinsya ng North at South Cotabato at Maguindanao. May bahagi itong idineklarang sangtwaryo noon pang 1979. May mga bahagi rin itong tinamnan na ng mga residente ng mais at palay.

Pinaniniwalaang may reserbang langis na nagkakahalaga ng $1 bilyon ang Liguasan. Mayroon din diumano itong depositong 68 bilyong *cubic feet* ng *natural gas* na sinasabing nagkakahalaga ng $1 trilyon. AB

## "Teroristang" designasyon sa NDFP, binatikos

BINATIKOS NG PARTIDO Komunista ng Pilipinas ang designasyon o pagbansag ng Anti-Terrorism Council sa National Democratic Front of the Philippines bilang "terorista." Isinapubliko ang deklarasyon noong Hulyo 19 pero noong Hunyo 23 pa ito pinirmahan.

Kaugnay nito, inatasan na ng rehimen ang Anti-Money Laundering Council na simulan ang pag-*freeze* sa mga akawnt ng mga indibidwal, organisasyon at institusyong inaakusahan nitong "may kinalaman" sa NDFP. Posibleng saklawin nito ang lahat ng nakipagtulungan sa NDFP *negotiating panel*.

Sa gayon, malinaw na paghahanda ang designasyon para sa malawakang pagtugis sa mga pwersang patriyotiko, progresibo at demokratiko na lumalaban sa pakana ni Duterte na kumapit sa poder lampas sa 2022. AB

## 174-ektaryang reklamasyon sa Dumaguete, tinutulan

TINUTULAN NG MGA siyentista, kabataan, relihiyoso at residente ng Dumaguete City ang plano ng lokal na gubyerno rito na tambakan ng lupa o i-*reclaim* ang baybayin ng syudad para magtayo ng isang islang tinagurian nitong "Smart City." Ayon sa mga nagpuprotesta, maapektuhan ng 174-ektaryang reklamasyon ang apat na Marine Protected Area na nagsisilbing tirahan ng mahigit 200 klase ng isda na lubos na aapekto sa kabuhayan ng mga mangingisda ng syudad.

Pinahintulutan ng konseho ng syudad noong Hulyo 7 si Mayor Felipe Remollos na igawad ang ₱23-bilyong kontrata ng proyektong reklamasyon sa kumpanyang E.M. Cuerpo, Inc. (EMCI) na kasosyo ng kumpanyang Chinese na Poly Changda Overseas Engineering Company. Sumiklab ang mga protesta sa pangunguna ng No to 174 Dumaguete Islands at Kabataan Para Sa Karapatan-Negros Oriental sa sumunod na araw.

# 3 armas, nasamsam ng BHB-Eastern Samar

Nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Eastern Samar ang isang ripleng R4 nang tambangan nito ang nag-ooperasyong tropa ng 52nd IB sa Sityo Casapa, Denigpian, Dolores, Eastern Samar noong Hulyo 3.

Apat na araw pagkatapos nito, pinasabugan ng isang yunit ng BHB ang detatsment sa Sityo Casapa, Barangay 4 Poblacion, Jipapad. Lima ang napaslang kabilang ang upisyal sa kumand ng detatsment, habang apat ang nasugatan. Nakumpiska sa mga sundalo ang tig-isang pistolang Gloc at kalibre .45 pistola.

Sa Northern Samar, inilunsad ng mga yunit ng BHB ang dalawang operasyong isnayp laban sa 20th IB noong Hulyo 8 sa mga barangay ng San Jose at Epaw sa Las Navas.

Apat naman ang napaslang habang 17 ang nasugatan sa tropa ng 9th ID sa ambus ng BHB-Masbate noong Hulyo 10 ng umaga. Papasok ang 24 na elemento ng mga sundalo sa Sityo Balunos, Barangay Rizal, Dimasalang nang tambangan sila ng BHB. Dagdag ang mga naambus sa 1,000-pwersang sundalong nanghahalihaw sa buong Masbate sa nagdaang dalawang buwan.

Itinago ng 3rd Marine Battalion Landing Team ang bilang ng kaswalti sa hanay nito matapos tambangan ng isang yunit ng BHB-Palawan noong Hulyo 13. Naglalakad sa Sityo Kayasan, Nicanor Zabala, Roxas, Palawan ang isang platun ng sundalo nang atakehin ng mga Pulang mandirigma.

## *Search warrant* laban sa mga Tumandok, ibinasura

IPINAWALAMBISA NG CAPIZ Regional Trial Court Branch 21 ang anim na *search warrant* na ginamit ng mga pulis sa pagsalakay sa 16 komunidad sa Tapaz, Capiz at Calinog, Iloilo noong Disyembre 2020 na nagresulta sa pagmasaker sa siyam na Tumandok at pag-aresto sa 16 pa. Ipinag-utos na ng korte ang pagpapalaya sa apat sa mga inaresto pero hanggang ngayon ay hindi pa sila pinalalabas.

Ang pagpapawalambisa ay pangatlo nang pagkakataon na ibinasura ang mga ginamit na mandamyento sa pananalakay sa mga prubinsya na inilabas ng mga hukom na nakabase sa National Capital Region. Bago nito, ipinagbawal na ng Korte Suprema ang paglalabas ng mga hukom ng mga *search warrant* para sa mga lugar na hindi saklaw ng kanilang hurisdiksyon.

## 2 magniniyog sa Surigao del Norte, pinatay ng 30th IB

NAGKOKOPRA ANG APAT na magniniyog sa Sityo Pan-ukan, Barangay Cambuayon, Bacuag, Surigao del Norte bandang alas-3 ng hapon noong Hulyo 12 nang paulanan sila ng bala ng 30th IB. Agad na namatay sina Sagloy Destajo at Richard Lampad, habang malubhang nasugatan si Benjie Destajo—pawang mga residente ng Barangay Pautao. Inaresto at iligal ngayong nakabimbin si Julieto Madelo, residente ng Cambuayon.

Samantala, inaresto sina Julieta Tawidi Gomez at Niezel Velasco sa gawa-gawang kaso ng pagpatay at tangkang pagpatay ng pinagsanib na pwersa ng PNP-NCR at 4th ID noong Hulyo 16 sa Barangay Pansol, Quezon City. Samutsaring mga armas at pasabog ang itinanim sa tinutuluyan nilang bahay.

Si Gomez ay isang Manobo mula sa San Luis, Agusan del Sur na kagawad ng konseho ng Kahugpungan sa mga Lumadnong Organisasyon sa Caraga. Si Velasco naman ay koordineytor ng Bread for Emergency and Development, isang institusyon na aktibo sa pagbibigay ng ayuda at tulong sa mga biktima ng sakuna sa Caraga.

**Makatarungang sahod.** Nagprotesta ang 300 drayber ng serbisyong deliberi na Food Panda sa Davao City noong Hunyo 15. Binatikos nila ang kumpanya sa barat na pagpapasahod, di makatarungang pagtatanggal ng ilang drayber at pagpapabalikat sa kanila ng bayarin sa pagkuha ng *permit*.

**Duque, patalsikin.** Pinagbabato ng kamatis ng mga manggagawang pangkalusugan sa pangunguna ng Alliance of Health Workers ang *logo* ng Department of Health (DOH) sa harap ng upisina nito sa Maynila noong Hulyo 16 para kundenahin ang kawalang benepisyo, kapabayaan at kapalpakan ng rehimeng Duterte na tugunan ang kanilang kagalingan. Ipinanawagan din nila ang pagpapatalsik sa pwesto sa inutil na si Sec. Francisco Duque III ng DOH.

**Pahirap na *oil price hike*.** Nagpiket ang mga progresibong organisasyon sa harapan ng Petron malapit sa Philippine Coconut Authority, Quezon City noong Hulyo 13 para batikusin ang pagsirit ng presyo ng petrolyo sa nagdaang mga buwan. Tumaas na nang ₱5-6 ang presyo ng mga produktong petrolyo simula Enero.

**Mag-aaral sa Paaralang Bakwit, nagtapos.** Inilunsad ng Save Our Schools Network ang pagtatapos sa hayskul ng mga mag-aaral ng Bakwit School noong Hulyo 17 sa Bantayog ng mga Bayani, Quezon City. Dumalo sa programa ang mga sumusuporta sa kanilang mga personalidad at organisasyon.

# Paalam at pagpupugay sa 3 bayani ng bayan

Tatlong bayani ng bayan ang sinaluduhan ng mamamayang Pilipino sa angkin nilang pagmamahal sa bayan at husay sa kani-kanilang larangan. Ipinaaabot ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang pakikiramay at pakikidalamhati sa pagpanaw sa mamamahayag na si Jose Jaime Espina (Nonoy), dibuhistang si Leonilo Doloricon (Neil) at lider-masa na si Carmen Deunida (Nanay Mameng) ng Kadamay.

Namatay noong Hulyo 7 si Espina dahil sa kanser sa atay. Kinilala ng PKP ang natatangi niyang mga ambag sa pakikibaka para sa malayang pamamahayag. Bilang anak ng Negros, hindi siya naging kimi sa pagsuporta sa pakikibaka ng mga sakada ng tubuhan sa isla.

Naging tagapangulo siya ng National Union of Journalists of the Philippines kung saan pinatampok niya ang paglaban sa pagpapatahimik sa midya, panggigipit ng estado at karapatan ng mga manggagawa sa sektor.

Sa edad na 63, namatay si Doloricon dahil sa mga komplikasyong dulot ng Covid-19 noong Hulyo 15. Isa siyang tanyag na dibuhista at pintor na nagtampok ng mga obrang sumasalamin sa tunay na kalagayan ng bayan at ng mamamayan. Itinuturing siyang isa sa mga haligi ng sosyal reyalismo sa Pilipinas.

Isa sa tanyag niyang obra ang mga larawang inambag niya sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino: Isinalarawan.

Pumanaw si Deunida noong Hulyo 19 sa edad na 93. Kilala siya bilang matapang na lider at tagapagtatag ng samahang maralita na Kadamay. Simula sa rehimeng Marcos, mahusay niyang pinamunuan ang laban ng masang maralita. Naging susing lider-masa si Deunida sa pagpapatalsik sa rehimeng Estrada. AB

---

# Mga sundalo at empleyado, ginawang mga *troll*

Upang lumikha ng huwad na larawan ng suporta para sa rehimeng Duterte, ginagamit ng mga upisyal ng gubyerno at militar ang kanilang mga tauhan bilang mga *troll* sa *social media* upang magpalaganap ng mga kasinungalingan at panlilinlang. Lalo itong napatunayan kamakailan nang malantad ang kalakaran sa loob ng Presidential Communication Operations Office (PCOO) at sa Philippine Air Force (PAF).

Ibinunyag ng Commission on Audit (COA) nitong Hulyo ang pag-empleyo ng PCOO ng 375 kontraktwal na empleyado na mga "espesyalista" sa *social media* ay iba pang porma ng propaganda. Gumastos ang PCOO ng kabuuang ₱70.6 milyon o ₱15,689 kada empleyado sa bawat buwan. Bahagi sila ng tinatawag na "troll farm" ng rehimen.

Sa ulat ng COA, nabuko na ang mga ito ay nag-ulat ng halos magkakatulad na trabaho at mga nagawa sa nagdaang taon sa kanilang mga pekeng ulat.

Samantala, nailathala sa Facebook ang isang ulat kaugnay sa sapilitang pagkontrol ng AFP sa mga personal na akawnt ng mga sundalo sa *air force*.

Ayon sa ulat, pinipilit umano ang mga empleyado na i-*share* sa *social media* gamit ang Google Forms ang lahat ng mga inilalabas na pahayag at balita ng PAF. Mayroong mga upisyal na nagtitiyak na ginagawa nila ito at ang hindi sumunod ay pinapatawan ng multa o aksyong disiplina. Ibinunyag ng ulat na rekisito sa bawat empleyado ng PAF na isulat ang kanilang pangalan at *serial number* sa isang *online form* at imahe bilang pruweba na nag-"like" sila sa pahayag ng kanilang mga upisyal. AB

---


### Bilanggong pulitikal, namatay sa India

PINAGPUPUGAYAN NG COMMUNIST Party of India (CPI)-Maoist si Father Stan Slas Lurd Swamy matapos pumanaw noong Hulyo 5 sa edad na 84. Namatay si Fr. Swamy sa atake sa puso nang hindi payagang magpyansa sa kabila ng katandaan, sakit na Parkinson at Covid-19. Si Fr. Swamy ay tagasuporta ng minoryang mamamayan at kanilang pakikibaka sa Jharkhand sa loob ng tatlong dekada.

Inaresto si Swamy ng armadong pwersa ng India noong Oktubre 2020 matapos akusahan ng "terorismo," pagiging kasapi ng CPI-Maoist at pagkakasangkot sa tinaguriang kasong Bhima-Koregaon.

Kasama sa kasong Bhima-Koregaon ang 14 na iba pang mga aktibista, propesyunal, at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao. Idinadawit sila sa isang "kaguluhan" sa isang pagtitipon noong Disyembre 2017 sa Bhima Koregaon, distrito ng Pune sa Maharashtra. Inakusahan silang nagplanong patayin ang punong ministro ng India na si Narendra Modi. Ginamit laban sa kanila ang Unlawful Activities (Prevention) Act ng 2018 na inamyendahan at mas pinabagsik noong 2019. Nanawagan ang CPI-Maoist sa lahat ng mamamayan ng India at mga demokratikong organisasyon sa ibayong dagat na suportahan ang kagyat na pagpapabasura sa batas. AB

# 46.1 milyong Pilipino



**ang walang kaseguruhan sa pagkain.**

o hindi **nakakakain nang tatlong beses sa isang araw** noong 2018-2020. Mas mataas ito nang 4 milyon kumpara sa naitalang bilang noong 2014-2016.

***Pinagkunan:*** *UN Food and Agriculture Organization*

# 1.4 milyon

**ang sinita ng Philippine National Police**

dahil umano sa mga paglabag sa protokol pangkalusugan gaya ng hindi wastong pagsusuot ng *face mask* at *face shield*. Nasa 42,000 sa kanila ang inaresto at higit isang milyon ang inisyuhan ng "warning."



# ₱11.1 trilyon

**na ang pambansang utang ng Pilipinas**

***Pinagkunan:*** *Bureau of Treasury*


(katumbas ng **₱99,762 kada Pilipino**) noong katapusan ng Mayo. Ngayong taon pa lamang, 13% na ang itinaas nito matapos mangutang ni Duterte ng karagdagang ₱1.28 trilyon sa ngalan ng pagtugon sa pandemya.

# Pagbaha sa Europe

## Umabot na sa 185 indibidwal ang kumpirmadong namatay

dulot ng mga "flash flood" o **biglang pagbaha** sa kontinente mula pa noong Hulyo 14. Idinulot ang mga pagbaha ng napakataas na bolyum ng ulan, na pinaniniwalaang epekto na ng *climate change*.

***Pinagkunan:*** *Frankfurter Rundschau (Hulyo 17)*




# 91.2%

## mabisa ang dalawang dosis ng Soberana 02

at isang dosis ng **Soberana Plus** laban sa Covid-19. Ang tatlong dosis naman ng **Abdala** ay 92.28% na mabisa laban sa bayrus.

***Pinagkunan:*** *Granma*



# Delta

ang Covid-19 baryant na kumakalat ngayon sa buong mundo

at nagdudulot ng panibagong pagtaas ng mga kaso, kahit sa mga bansang marami na ang nabakunahan. Una itong natuklasan sa India at sinasabing mas nakahahawa kumpara sa orihinal na baryant.

# 91%

ng mga **bata sa Gaza Strip ng Palestine** ang dumaranas ng **post traumatic stress disorder (PTSD)** dulot ng 11-araw na walang patumanggang pambobomba ng Israel noong Mayo.

***Pinagkunan:*** *Euro-Mediterranean Human Rights Monitor, Hulyo 2020*

# Krisis at ribalan sa industriya ng *semiconductor*

Nag-uunahan ngayon ang US at ang China sa bagong pamumuhunan para manguna at maging dominante sa industriya ng *semiconductor*. Sa kasalukuyan, kapwa kulang ang dalawang pangunahing imperyalistang bansa sa produksyon ng *semiconductor* at nakasalalay sa pag-iimport pangunahin mula sa Taiwan at Japan. Batid ang lumalaking halaga ng mga *semiconductor*, itinutulak nila ngayon ang "in-sourcing" (kabaligtaran ng "out-sourcing") kung saan nais nilang dalhin sa loob ng kani-kanilang bansa ang produksyon ng *semiconductor*.

Malaki ang pagsalalay ng China sa pag-aangkat ng *semiconductor*. Ang lokal na produksyon ay sapat lamang para sa 15.7% na kailangan ng bansa noong 2019. Noong 2020, nag-angkat ito ng $350 bilyon ng *semiconductor*, 14.6% na mas mataas kumpara sa 2019. Labis na naapektuhan ang produksyon ng *smartphone* ng kumpanyang Huawei ng problema sa pagkukunan ng *semiconductor*. Dahil sa presyur ng US, itinigil ng Taiwan Semiconductor Company o TSMC ng Taiwan ang pagsuplay sa Huawei ng abanteng mga *microchip*, dahilan para matigil ang produksyon ng bagong modelo ng mga *smartphone*.

Idineklara ng China ang Made in China 2025 na may layunin diumano na abutin ang kakayahang magprodyus ng 70% ng kinakailangang suplay ng *semiconductor*. Inaasahang mamumuhunan ng bilyun-bilyong dolyar ang China para ibigay na subsidyo sa mga kumpanya para magtayo ng bagong mga pabrika. Gayunman, dahil sa panggigipit ng US at mga alyado nito, tinatayang mahihirapan ang China na maabot ang kakayahan sa pagmanupaktura ng abanteng mga *microchip* (ang kumpanyang ASML ng Netherlands, alyado ng US, ang kasalukuyang may kakayahang gumagawa ng gamit para sa produksyon ng abanteng *semiconductor*).

Itinutulak naman ng gubyernong Biden na dalhin sa loob ng US ang pagmamanupaktura ng mga *semiconductor*. Idineklara nito ang planong paglalaan ng $50 bilyon sa anyo ng mga subsidyo, insentiba sa buwis, paglalatag ng imprastruktura at iba pang anyo ng pamumuhunan sa industriya. Tuwiran ang pakikialam ng White House sa ngalan ng "muling pagtatayo ng America." Nakahapag sa kongreso ng US ang panukalang CHIPS for America Act na may layuning dominahan ang pandaigdigang kapasidad sa pagmanupaktura ng abanteng *semiconductor*.

Naghahabol ngayon ang malalaking kapitalista na punan ang kakulangan sa suplay ng *semiconductor* na tinatayang magtatagal hanggang 2023. Kaya naman, malakas ang bentahan ngayon ng mga *microchip* at tumatabo ng malaking tubo ang mga kapitalistang nagpoprodyus nito. Sa ngayon, may 29 bagong mga pabrikang pinaplanong itayo: 19 ngayong taon at 10 sa 2022, tigwalo sa China at Taiwan, anim sa America, tatlo sa Europe at Middle East, at tig-dalawa sa Japan at Korea. Naghahabol din ang Europe na abutin ang produksyon ng 30% ng pandaidigang suplay ng *semiconductor*.

Nasa Taiwan ang bulto ng minamanupakturang *semiconductor* at pangunahing prodyuser ng pinakaabanteng mga *microchip*. Ang mga kumpanya sa likod ng mga ito ay pawang itinayo ng mga kumpanyang multinasyunal kabilang ang pinakamalaki na TSMC na itinayo ng Philips. Labis-labis ang pag-aalala ng US sa posibilidad na kontrolin o tuluyang saklutin ng China ang Taiwan. Kaya naman, todo-todo ang pagpapalakas ng US ng presensyang militar sa Taiwan upang pangalagaan ang interes ng US doon na hindi mapunta sa kamay ng China ang mga abanteng teknolohiya.




**Pagpiga sa mga manggagawa**

Dahil sa pagmamadali na mapunan ang kakulangan sa suplay ng *semiconductor*, paspasan ngayon ang produksyon sa mga pabrika nito. Nagreresulta ito sa papatinding pagpiga sa lakas-paggawa ng mga manggagawa. Sa Taiwan at Singapore, 24-oras ang operasyon ngayon ng mga pabrika sa kabila ng mga peligro dulot ng pandemya.

Sa Taiwan, pinipilit ang mga manggagawa, na marami ay mga migrante mula sa Pilipinas, Indonesia, Malaysia, Thailand at iba pang bansa, na manirahan sa loob ng mga dormitoryo ng kumpanya para maipatupad ang ala-militar na "disiplina" sa pagtatrabaho. Karaniwang pinagmumulan ng mabilis na pagkalat ng Covid-19 ang mga dormitoryong ito kung saan nagsisiksikan ang 8-10 manggagawa sa bawat kwarto.

Bagaman nasa mga kapitalistang bansa ang pinaka-ubod na bahagi ng produksyon ng mga *semiconductor* na gumagamit ng abanteng teknolohiya, malaking bahagi ng proseso ng pagmamanupak-

*"Krisis...," ituloy sa pahina 10*

# Paggunita sa ika-100 taon ng dating dakilang Partido Komunista ng China

Ngayong buwan ng Hulyo, ginugunita ng pandaigdigang kilusang proletaryo ang ika-100 taon ng noo'y dakila at wastong Communist Party of China (CPC o Partido Komunista ng China). Bagaman patuloy na nananatili sa poder ang CPC, ito ngayon ay hawak at pinamumunuan ng monopolyong kapitalista sa estado at malaking burgesya sa China.

Sa pahayag noong Hulyo 1, idineklara ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) na marapat na gunitain at ipagdiwang ang 55-taong gintuang kasaysayan ng pamumuno ng CPC sa pambansa-demokratikong pakikibaka at sosyalistang pagrerebolusyon sa China (1921-1976); at ilantad at iwaksi ang kasaysayan nito ng pagtatraydor sa uring proletaryado at pagpapanumbalik ng kapitalistang sistema at pagsasamantala mula 1976.

Ayon sa PKP, sa pamumuno ni Mao Zedong, wasto ang landas na binagtas ng CPC sa unang 55 taon nito at dapat paghalawan ng mga aral at inspirasyon. Tinukoy ng PKP kung papaanong pinamunuan ng CPC ang pambansa-demokratikong rebolusyon at winakasan ang malakolonyal at malapyudal na sistema. Binaybay ng PKP ang mga isinagawang hakbang ng China mula sa pagkumpleto ng reporma sa lupa hanggang pagsulong ng sosyalismo sa buong lipunan.

Tinukoy din ng PKP ang halaga ng ginawa ng CPC na pagsusulong ng rebolusyong pangkultura para payabungin ang demokrasya at turuan ang mamamayan na hawakan at gamitin ang kapangyarihang pampulitika para isulong ang pagunlad ng China at tuluy-tuloy na itaas ang antas ng pamumuhay ng masang Chinese.

Binatikos naman ng PKP ang huling 45 taon ng paghahari ng mga modernong rebisyunista sa CPC na nagtraydor sa sosyalismo at nagdala sa China pabalik sa landas ng kapitalismo. Ang pamunuan ng CPC ay inagaw ng mga modernong rebisyunista noong 1976 sa pangunguna ni Deng Xiaoping na nanguna sa pagbaligtad sa mga tagumpay ng sosyalismo. Ang CPC ngayon ay hindi na partido ng proletaryado, kundi partido ng monopolyong burgesyang pang-estado na gumagamit sa estado poder para magkamal ng yaman mula sa pagsasamantala sa masang manggagawa.

Tinukoy ng PKP kung papaanong tinalikdan ng CPC ang masang anakpawis. Sa agrikultura, binaklas ang mga komuna at kolektibo at pinabayaang magkanya-kanya ang mga magsasaka sa kanilang maliliit na parsela ng lupa na nagresulta sa malawak na paghihirap at gutom. Sa industriya, binaklas ang kapangyarihan ng mga manggagawa at muli silang ginawang mga alipin ng sahod. Ipinang-akit sa mga dayuhang kumpanya ang napakababang sahod ng milyun-milyong manggagawang Chinese para palawakin ang kapitalismo sa China at magkamal ng superyaman ang malalaking burukratikong kapitalista. Ang China ay isa na ngayong makapangyarihang imperyalistang bansa na nagsasamantala at umaapi sa mamamayan sa iba't ibang panig ng daigdig.

Kailangang muling magrebolusyon sa China ang aping mga manggagawa at magsasaka. Napakapaborable ng sitwasyon para tipunin ang kapasyahan ng mga proletaryong rebolusyonaryo at muling itayo ang tunay na partido komunista na mamumuno sa panibagong pagsulong ng sosyalistang rebolusyon sa China.

(*Basahin ang buong pahayag ng PKP sa http://cpp.ph.*) AB

---

*"Krisis...," mula sa pahina 9*

tura ay ginagawa sa mga "economic zone" sa mga atrasadong bansa tulad ng Pilipinas. Dito ginagawa ang bahagi na nangangailangan ng masinsing lakas-paggawa, partikular ang *assembly* o *packaging* at *testing*. Dito rin ginagawa ang mga proseso na nababantad ang mga manggagawa sa mga kemikal na ipinagbabawal sa mga kanlurang bansa.

May larawan na "malinis" ang produksyon ng mga *semiconductor* dahil karaniwang nakasuot ng mga *personal protective equipment* (PPE) ang mga manggagawa, na madalas makikita lamang sa mga ospital. Pero sinasabi na ang PPE ay hindi para sa proteksyon ng mga manggagawa, kundi ng mga produktong hinahawakan nila. Hindi sapat ang suot nilang mga PPE para proteksyunan sila sa mga kemikal na tuwiran nilang hinahawakan o nalalanghap.

Mula noong dekada 1980, karaniwan na mayorya ng mga manggagawa sa mga pabrikang ito ay mga babae. Sa mga pabrikang ito ay natatambad sila at nakalalanghap ng nakalalason at nakakakanser na mga kemikal na gamit sa proseso ng produksyon. Sa iba't ibang mga pagaaral, natuklasan na mas mataas ang porsyento ng nakukunan sa mga kababaihang manggagawa sa mga pagawaan ng *semiconductor* kaysa panlahatang populasyon. Laganap din ang iba't ibang anyo ng kanser tulad ng *leukemia*, kanser sa suso at iba pa. Natuklasan din sa mga pagaaral na mataas ang kaso ng pagkasira ng paningin o pagkabulag ng mga manggagawang matagal na nagtrabaho sa mga kumpanya gumagawa ng mga *semiconductor*.

Sa harap ng lumalakas na ribalan ng pinakamalaking kapitalista para kontrolin ang industriya ng *semiconductor*, dapat mahigpit na magkaisa ang mga manggagawa upang ipagtanggol ang kanilang kapakanan at interes laban sa papatinding pagsasamantala.

(*Ito ang huli sa dalawang-bahaging artikulo.*) AB